

PROLOGUE

“Louisa, apo ko...” Buong pagmamahal na hinaplos ni Doña Esmeralda ang mamula-mulang pisngi ng sanggol.

Hindi Louisa ang pangalan ng bata at lalong hindi ito ang apo niya sa anak na si Luisito. Sapagkat namatay ang batang iyon sa kamay ng mga abductors nito sa gulang na dalawang buwan pa lamang.

Kung gaanong kaligayahan ang nadama nila sa pagsilang ng unang apo ay triple o higit pang kalungkutan ang nadama nila sa biglaan at di-inaasahang pagkamatay nito. Ang manugang niyang si Katherine ay kasalukuyang nilalabanan ang malalang kaso ng postpartum depression triggered by the sudden loss of her child.

“Sa wakas ay sinagot ng Panginoon ang aking dalangin na ibsan Niya ang aming kalungkutan at punan ang kahungkagan sa aming mga puso...” Muling sumungaw ang luha sa mga mata ng butihing doña. “Ikaw ’yon. Ikaw ang sagot ng Panginoon.” Hinalik-halikan nito ang mumunting palad ng sanggol.

Kailan lang ay payat na payat at namumutla

Married To A Temptress - Alexie Aragon

pa ang bata nang matagpuan nila ito sa malagong halamanan sa harap ng bahay isang madaling-araw. Duguan ang malong na nakabalot dito, subalit wala namang anumang sugat sa katawan ang sanggol. Kaagad nilang kinuha ito pero iniwan nila ang duguang tela na nakabalot dito.

Nang magliwanag na, may na-recover ang mga awtoridad na hinihinalang bangkay ng mag-asawa sa di-kalayuan. Nag-match ang dugo ng mga ito sa blood stain na nasa malong. Marahil ay sinadyang iwan ang sanggol upang matiyak ang kaligtasan nito.

Intact pa rin ang lahat ng mga gamit ni Baby Louisa mula sa mga sets of layette. Naron pa rin ang mga imported stuffed toys, ang colorful mobile toy na nakasabit sa tapat ng crib at ang mga glow-in-the-dark na mga bagay na nakadikit sa pader.

“Mama...”

Naputol ang pagdaloy ng gunita sa isipan ng doña nang marinig ang pagtawag ni Luisito. Maaga sa karaniwan ang pag-uwi nito ngayon mula sa pinamamahalaang shipping company.

Matapos hagkan ang ina ay lumapit ito sa natutulog na sanggol at buong pagsuyo itong hinaplos. “Ma, tungkol sa baby, I have a better suggestion.”

“Kung ang suhestyon na iyan, Luisito, ay i-surrender ang bata sa *DSWD*, huwag mo nang ituloy ang sasabihin mo. I already made my decision na ampunin ang bata, legally,” pinal na pahayag ni Doña Esmeralda.

Iyon ang ikinababahala ni Luisito. Sapagkat ayon sa matalik na kaibigang si Fernando Arguson, makakahati niya sa lahat ng ari-arian ng mga Yu ang bata once maging legally adopted ito. Pero kung siya ang magiging legal father ng bata, nasa kanyang sariling pagpapasya kung bibigyan niya ito ng mana.

“We have the same feelings toward the child, Mama. I remember my princess in her.” Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya. “Pero magkakaroon ng problema kapag dinala sa korte ang usapin, maaari tayong makasuhan ng kidnapping or abduction dahil itinago natin ang bata.” Saglit niyang pinag-aralan ang reaksiyon ng ina. Nang matiyak na makukumbinsi ito ay nagpatuloy siya, “Pero maaari pa ring mapasaatin ang child custody kahit hindi na tayo dumaan sa korte.”

“Paano ang legality?”

“Ibibigay natin sa kanya ang pangalan ni Louisa. Siya na ngayon ang magiging Louisa Esmeralda Lapuz Yu.”

Napaantanda ang matanda. “Pero patay na ang anak ninyo ni Katherine!”

“Iyon lang ang tanging paraan, Mama, para hindi tayo makasuhan.”

News blackout ang nangyari sa kaso ng anak dahil sa naganap na shootout kung saan namatay ang bata kasama ng mga abductors.

Napatangu-tango ito. “You earned a point there. At maaari pang makatulong sa paggaling ni Katherine kung malalaman niyang buhay ang anak niya.”

“That’s exactly my point. Until now, she’s still in denial. Ayaw niyang tanggapin na wala na si Louisa.”

Pansamantalang na-overcome ni Katherine ang mental illness pero hindi ang cervical cancer. ‘Louisa’ was in primary school nang mamatay ang foster mother. Nagkaasawa at nagkaanak muli si Luisito, pero hindi natinag ang puwesto ni Louisa bilang paboritong apo. Katunayan nang mamatay si Doña Esmeralda ay sa kanya pa ipinamana ang personal account nito sa bangko at ang mansion. Kataka-takang hindi ito tinutulan man lang ni Luisito.

1

“Hi, Daddy!” masiglang bati ni Louisa sa ama na abalang-abala. Hindi man lang namalayan ng huli ang pagpasok niya sa pribadong opisina nito.

“Oh, what a surprise visit!” Masaya si Luisito sa pagbisita ng anak, subalit bahagya lang itong nag-angat ng paningin. Kailangan nitong i-review ang mga ledgers at iba pang papeles na nagkapatungpatong na sa mesa bago ang meeting. “What brings the princess here, anyway?”

“Nothing. Nagbabaka-sakali lang ako na this time ay matanggap na ako sa trabaho.” Inilapag niya sa visitor’s chair ang *Gucci* handbag at lumigid patungo sa upuan ng ama.

“Here we go again, Louisa. I told you there is no job for you here. If you like, stevedore or fork lift operator. Maraming bakante,” biro nito sa panganay na anak.

“Pero, Dad, isang taon na akong nag-a-apply sa iyo. Ang sabi mo kapag may nabakanteng position ay ibibigay mo sa akin ’yun, remember?” maktol niya, sabay upo sa armrest ng swivel chair.

Sa wakas ay napukaw ang atensyon ng CEO ng *YL Shipping Ltd.* Nag-alis ito ng salamin sa mata at hinarap ang anak.

“Let me correct you, Dear. College ka pa lang ay kinukulit mo na ako, and you are now twenty-four.”

“Yun na nga po, twenty-four na ako pero wala pa rin akong trabaho...”

“You have,” salo nito sa pangangatwiran niya. “As a matter of fact, you own a business. Focus your attention to it. Huwag mo nang agawan ng trabaho ang mga employees dito, okay?”

“Pero nakaka-bore sa boutique. Feeling ko nga decoration lang ako doon.” Kay Louisa nakapangalan ang sole proprietorship ng nabanggit na boutique, pero nakikialam sa pagma-manage ang madrasta niyang si Bettina. Mayroon nga siyang store manager, pero ang nagpasok naman dito ay si Bettina kaya naman sa matandang babae rin ang loyalty nito.

“Hayaan mo, Anak, I’ll talk to them. Palitan mo na ’yung manager kung ayaw mo sa kanya.” Kinuha nito ang mga ibinukod na papeles at isinilid sa briefcase.

“Huwag na lang, Dad. Baka magkatampuhan na naman kami ni Tita Bettina.”

Napabuntong-hininga na lamang ito.

“Ganito na lang, we’ll talk about it later. But for the meantime, kailangan ko munang i-meet ang mga investors na nasa conference room. I’ll be right back.”

Inililihim ni Luisito sa mga anak ang tunay na kalagayan ng *YL Shipping Ltd.*. Pabulusok na ito sa merkado at ang tanging paraan ay makakuha siya ng mga bagong investors na magsasalba sa mga barko. Malaki na nga ang deficit ng *YL*, sinuspinde pa ng gobyerno ang operasyon. Kaya tuloy lalo nang walang mapagkunan ng pantakip sa deficit.

Nang mapag-isa si Louisa sa loob ng marangyang opisina ay tinungo niya ang favorite spot niya roon. Isa iyong sulok malapit sa glass wall. Hinawi niya ang makapal na kurtinang murang berde ang kulay upang matanaw ang panoramic view ng *Manila Bay*. Nakikita niya mula roon ang mga sasakyang-pandagat na palutang-lutang sa malawak na karagatan. Kahit na malayo ang distansya sa marine vessels, nababanaag pa rin ang mga letrang nakapinta sa katawan ng mga ito.

Kilalang-kilala niya ang mga barkong pag-aari ng *YL Shipping Ltd.*. Kahit hindi niya makita ang logo ng kompanya na waring naka-tattoo sa katawan nito, sa kulay pa lamang ay may sarili na itong identity.

Married To A Temptress - Alexie Aragon

Kombinasyon ng matingkad na asul at bright yellow ang kulay ng mga railings, bintana at hagdanang paakyat sa barko. Puti ang dominant painting subalit lutang na lutang pa rin ang mga kulay na asul, dilaw at pula.

Nang magsawa sa pagsa-sightseeing ay itinuon naman niya ang pansin sa corner table kung saan nakapatong ang model ng isang imaginary shipyard. Dito ay naka-dock ang twelve miniature ships na pag-aari ng YL.

Ang *Reyna Esmeralda 1 and 2, Princess Louisa 6 at Czarina Stephanie 1* ay pawang mga fishing vessels. Cargo vessels naman ang *Princess Louisa 5 at Tatiana 1*. Passenger vessels ang *Princess Louisa 1 to 4, Czarina Stephanie 2 at Tatiana 2*.

Sina Stephanie at Tatiana ay mga anak nina Luisito at Bettina.

Sinalat niya ang naka-engrave na 'Louisa' sa maliit na barko. Ito ang pangalang ipinahiram sa kanya ng kinalakhang pamilya. Hindi inilingid sa kanya ang tunay niyang pagkatao, subalit ang foster mother niya ay nakamatayan na ang lihim na ito. Pero para sa kanya, si Katherine ang tunay niyang ina. Ano kaya ang buhay niya kung hindi namatay ang tunay na Louisa?

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang dumating si Tyron, only son sa kanilang apat na magkakapatid. Fifteen years old pa lang ito, pero kababakasan na ng matinding pagmamalasakit sa kompanya ng pamilya.

“Hello, handsome! Cutting classes again?” Pinilit niyang pasiglahin ang boses kahit bakas sa mukha ng kapatid na tila balisa ito.

“Hindi, Ate. Actually nag-absent ako.”

Inabutan siya nito ng beverage mula sa *Starbucks* at nakiusyoso rin sa mga miniature ships. Mayamaya pa ay kinuha nito sa puwesto ang *RE 1*, *CS 2*, *T 1* at *PL 4*.

“These are no longer *YL*’s property,” malungkot na pahayag ni Tyron bilang tugon sa nagtataakang tingin ni Louisa. “Naka-hold sa Customs ang *T 1* and just recently, naka-auction na ang *PL 4* para pangtakip sa mga deficit ng kompanya.”

Ang *Reyna Esmeralda 1* o *RE 1* ay tinangay ng mga pirata sa *South China Sea* habang ang *Czarina Stephanie 2* o *CS 2* naman ay lumubog sa gawing Iloilo. Dahil sa paglubog ng barko, obligadong magbayad ang kompanya sa mga napinsala. Bawas na nga ang asset ng shipping company, nadagdagan pa ang mga liabilities nito ng kung ilang milyong piso.

“So the company is not doing good,” halos ay sa sarili na lamang nasabi ni Louisa. And she remembered her secret fear.

Halos magdamag na hindi nakatulog si Louisa sa pag-aalala sa kalagayan ng *YL*. Iniisip pa lang niya ang pagdaraanang financial crisis ay parang hindi na niya kakayanin. Maagap na siyang nagpasya sa sarili na anumang tulong ang hingin ng ama ay ibibigay niya.

She grew up well-loved and pampered with equal rights sa mga tunay na anak ni Luisito. May extra privilege pa nga siya bilang paborito ni Doña Esmeralda. Kailanman ay hindi siya namroblema sa pera.

Binisita niya ang kaibigang si Lyn para kahit paano ay makapag-share ng burden. Wala itong maitutulong financially speaking dahil mahirap lang ang pamilya nito, ngunit maaari siyang maambunan ng positive outlook nito sa buhay.

“Hay naku, Prinsesa Louisa! Kahit lumubog pa o maibenta ang lahat ng mga pag-aari ninyong barko, walang problema,” nakangiti pang pahayag nito. “Aba, kami nga bisikleta lang ang meron pero humihinga pa rin naman at buhay pa.”

Married To A Temptress - Alexie Aragon

Inaasahan na niya ang ganitong tugon nito. “Wala ka talagang kuwentang kausap,” biro niya. “Hindi ka man lang nagparamdam ng kahit kunwaring sympathy.”

Napangiti na lamang siya sa masayahing kaibigan. How she wished na huwag matulad sa best friend niyang si Gwen ang kanyang kapalaran.

2

Inihimpil ni Edward ang minamanehong *Audi A6* sa tapat ng Arguson mansion. Sinipat muna niya ang malawak na bakuran pero wala siyang makitang bakanteng parking space.

“Magandang gabi ho, Sir Edward.” Magalang na bumati at sumaludo pa ang unipormadong security guard.

“Magandang gabi rin, Mang Erning. Kanina pa ho ba nag-umpisa?” Ang tinutukoy niya ay ang sixtieth birthday party ng amang si Fernando Arguson, ang Chairman Emeritus ng *Arguson Brewery*.

“Kanina pa , Sir. Medyo late na kayo.” Sinalo nito ang susi ng luxury car na inihagis niya.

Matapos magpasalamat sa guwardya ay nagmamadali na niyang tinungo ang malawak na hardin kung saan idinaraos ang magarbong selebrasyon. Nagniningning sa liwanag ang buong bakuran na nagagayakan ng temang Spanish banquet.

Pasimple niyang sinipat ang sarili sa nadaanang rest room sa poolside. Presentable pa naman ang hitsura niya sa suot na dark colored long-sleeved

shirt na pinatungan ng black coat. Bumagay ito sa kanyang authoritative look—his thick eyebrows and well-defined jawlines project authority.

Hindi siya handa para sa party na iyon dahil kararating pa lang niya mula sa Davao kung saan nakapag-close deal siya ng ten luxury cars for just a day. Nakipag-mountain trekking siya sa mga foreign and local businessmen at tiniyak niyang bago pa sila bumaba ng *Bundok Apo* ay sarado na ang usapan.

Nasa Davao airport pa lang siya kanina nang tumawag ang kapatid na si Sofia at ipinaalala ang kahalagahan ng event na iyon para tuluyang matuldukan ang gap nilang mag-ama.

Nagsimula ang sigalot sa pagitan nilang mag-ama ng magbitiw siya sa posisyong Executive Vice President sa *Arguson Brewery*. Sumama ang loob ng ama sa kanyang pang-iiwan sa kompanya. He then put up his own business—ang *Wagon de Luxe*, importer ng luxury cars.

Nagpasyang magsarili noon si Edward dahil pakiramdam niya ay nasasakal na siya sa pagiging sobrang dominante ng ama. To the point na kahit sa personal na buhay nilang tatlong magkakapatid ay nakikialam ito. Sa kompanya naman ay wala ring saysay ang posisyong ibinigay sa kanya dahil lahat

ng gagawin niyang pagpapasya ay kailangang sang-ayon sa kagustuhan ni Fernando.

Sa gawing malapit sa entrada ng mansion ay namataan niya ang ama na kausap ang matalik na kaibigang si Luisito. Nang makita siya ay pansamantala nitong iniwan ang kausap at sinalubong siya.

He was glad he came. Magandang senyales iyon ng pagkakasundo.

“Happy Birthday, Dad!” Mahigpit silang nagyakap.

“Thank you, Son. Mabuti nakarating ka.” Inakbayan nito ang anak na matagal nang hindi nakasalamuha.

“Well, big night mo ngayon and I should see for myself how old had you become,” nakangiting saad niya.

“Senior citizen na pero wala pa ring balak magretiro.” Tila nagmamalaki pang iniliyad nito ang dibdib. Nang dumaan ang isang waiter na may dalang tray ng mga kopitang may lamang white wine ay kumuha ito ng dalawang baso. Iniabot nito sa kanya ang isang kopita. “Let us toast for your business success, Hijo. I’m so happy for you.” Itinaas nito ang sariling baso. “Cheers!”

“Thank you, Dad.”

“Huwag ka munang magpasalamat, wala pa akong naitutulong sa iyo. And I know, hindi ka hihingi ng tulong sa akin dahil namana mo ang kayabangan ko. I heard na balak mong mag-expand ng market. Kailangan mo ng additional capital?” tanong ni Fernando sa tonong nag-aalok ng tulong.

“Not really. Maganda naman ang credit standing ko sa mga car companies. I just need a solution sa mataas na shipment cost ng mga imported cars.” He indirectly turned down his father’s proposal.

“You know, my friend owns a shipping company—” Naputol ang mga sasabihin pa sana nito nang marinig ang pagtawag ng emcee sa birthday celebrant para pangunahan ang ball.

“Dad, go ahead. Baka ma-bore ang mga guests mo.”

Nang mapag-isa ay pinili ni Edward na tumayo na lamang muna sa isang sulok na hindi siya gaanong mapapansin. He liked to observe people.

Nakita niyang nasa gitna ng dance floor ang ama kasayaw ang second ex-wife nito. Ang first ex-wife nito ay si Stella na ina nilang tatlong magkakapatid. His third marriage lasted for only three months—he

married his second and third wives for convenient, practical reasons. Sa kabila ng paghihiwalay ng mga ito ay nanatiling mabuting magkakaibigan ang mga ito maliban kay Stella.

Napukaw ang kanyang atensyon nang mapadako ang tingin sa di-kalayuan. He saw a beautiful, slender figure coming down the stairs. Pamilyar sa kanya ang mukha ng dalaga. Well, he unconsciously hoped na dalaga pa nga ito.

“Finally, I see something interesting this evening,” bulong niya sa sarili. Iniwan niya ang kulumpon ng mga bisita at piniling maghintay malapit sa hagdanan.

Hindi naman bonggang-bongga ang ayos ng babae para mapukaw ang atensyon niya. Simpleng purple cocktail dress lang ang suot nito na nakapagpatingkad sa taglay na mestiza complexion. Sa disensyo ng damit nitong may mahahabang slits ay na-expose ang makinis at shapely legs nito. Simple lamang ang suot nitong alahas.

She must be a family friend dahil may access siya sa mga rooms. Pero hindi ko maalala ang kanyang pangalan. She reminds me of a princess...

Naramdaman niyang may tumapik sa kanyang balikat. Si Tom Angara, anak ng business associate

ng daddy niya.

“Beautiful, isn’t she?” anito.

“Tom,” casual niyang bati rito. “Kanina ka pa diyan?”

“Hindi naman. I was following her kaya lang pumanhik siya sa itaas.”

“Sino?” patay-malisya niyang tanong.

“The precious princess of *YL Shipping Ltd.*. Like the ships that named after her, she projects grace.” Tila makatang manunula si Tom. Obvious na may paghanga ito sa dalaga.

Louisa? Oh man, how come I forgot the name! O hindi ko lang talaga siya nakilala? She had blossomed into a real beauty.

Nakipagsayaw siya sa ibang babae na nasa pagtitipong iyon, ngunit lihim pa rin niyang sinubaybayan si Louisa. Nangangarap siyang kunwari ang kasayaw niya ay ang dalagang nakapukaw ng kanyang atensyon. At hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit kailangan niyang gawin iyon.

But he was too proud to ask her to dance with him. Nasanay na siyang babae ang lumalapit sa kanya. Marahil isa iyon sa mga lessons na na-impart

Married To A Temptress - Alexie Aragon

sa Arguson men sa ginawa ni Stella—be discreet in dealing with women, let them do the chasing, iwan ka man ay ligtas pa rin ang ego mo.

Ang bonding moments ng mga Arguson ay kadalasang nagaganap sa living room ng mansion. Kahit magkasalungatan ng prinsipyo sa buhay, still, naroon pa rin ang love and respect sa isa't isa.

“I wanna thank you, boys, for coming over,” ani Fernando habang niluluwagan ang kurbata. “And special thanks to my Sofia for organizing this celebration.”

“You are always welcome, Dad. Nag-enjoy naman ako sa pagiging organizer,” nakangiting tugon ng anak na babae.

“May birthday wish ka pa rin ba, Daddy?” tanong ni James. “Tingin ko, you already reached the peak of your career.”

Lihim na umaasam ang tatlong magkakapatid na sana ay makontento na ang kanilang ama sa kung anong mayroon ito ngayon at tigilan na ang mga taktika nito sa lalo pang ikalalago ng kayamanan.

“Natupad na ang mga wishes ko,” the old man

said plainly. Hindi masabi kung masaya o malungkot o totoo ang sinasabi.

“Which are...?” diskumpyadong tanong ni Sofia. Diyata’t makokontento na rin sa wakas ang kanilang ama.

“Edward is back and James is ready to take over my position. Pero may isang goal pa akong gustong makuha. One more goal.” Nagpatuloy ito sa pagsasalita nang makita ang curiosity sa mga mukha ng mga anak. “Gusto kong maging chairman of the board ng *Heritage Bank Limited*.”

“Ha?” ani Edward. “Paano mangyayari iyon, Dad? Ten percent lang ang share of stock mo. Masyadong complex ang by-laws ng bank na iyon, di ba? Only the shareholders owning twenty percent in that bank are eligible to hold the chairmanship at iyon ay ang Montenegro at Tan families lang.”

“I know. But there might be another way,” punung-puno ng fighting spirit na pahayag ni Fernando.

3

“Kung ikaw ang nasa situation ko, Gwen, masasabi mo ring it’s a perfect example of what they say, ‘bad thing turns worse’.” Kausap ni Louisa sa telepono ang matalik na kaibigan na nasa Australia. “Una ang YL, ngayon naman si Daddy...”

“Worse indeed. Kumusta na ang Tito Luisito?” masimpatyang tanong ni Gwen.

“Stable naman at this moment, pero malaki ang possibility ng second seizure.” Inatake sa sakit sa puso ang daddy niya dahil sa matinding pag-aalala sa papabulusok na negosyo. “Gusto kong matulungan si Daddy, but I don’t know how.”

“You sound very depressed, Louisa. Huwag kang masyadong mag-alala, everything will be better soon. Be strong, okay?”

“I will,” aniya. “And thanks. Nag-overseas call ka pa para lang i-console ako. Hindi kaya magulat ang dear husband mo sa laki ng phone bill ninyo?” Mahigit isang oras na yata silang nag-uusap sa telepono.

“Yon na nga ang gusto kong mangyari, ang makunsumi siya sa overspending ko para magkusa

na siyang ipawalang-bisa ang marriage namin.”

Gwen also came from a prominent family. She was Louisa’s confidant and friend since elementary days.

“Ikaw talaga, until now hindi mo pa rin matanggap ang asawa mo. Speaking of marriage, are you coming to Lyn’s wedding?”

“Of course. Matitiis ko ba ang lukaret na ’yon,” natatawang pahayag nito. “Kung hindi dahil sa kanya, hindi ako makakapasa sa mga research projects ko n’ong college tayo.” Student assistant si Lyn sa pinasukan nilang universidad.

Marami pa silang topic na napag-usapan hanggang sa mai-share niya ang tungkol sa kanyang secret fear.

“I guess it’s our common fate, Gwen. Besides, kung talagang pre-destined na ang isang bagay, no one can stop it, right?”

“I’ve been through with that, Friend. Sana naman hindi ka magaya sa akin. Look how sad I am. Napipilitan akong gampanan ang isang commitment na dapat sana ay voluntarily at whole-heartedly kong ginagawa. We have our own free will, Louisa. Use it.”

“Luisito, paano na tayo ngayon?” nababahalang tanong ni Bettina sa asawang nakaratay sa hospital bed. Kalalabas lang nito mula sa ICU. “This turn of fate is so sudden. Hindi tayo nakahanda. Oo, nangako si Don Fernando na tutulong sa bayarin ng danyos perwisyo sa mga biktima ng paglubog ng barko para ma-lift na ang suspension. Unfortunately, you can’t go back to work na parang wala lang nangyari. Your next attack might be fatal, Luisito!”

May tumubong mga lumps sa arteries ng puso ni Luisito. Inirekomenda ng cardiologist nito ang open heart surgery sa lalong madaling panahon. Hindi pa ganoon ka-advance ang medical technology sa bansa, kung kaya sa America pa isasagawa ang operasyon. Subalit nangangahulugan din na kailangang iwan muna pansamantala ang shipping company sa kamay ng ibang tao. Kung kanino at paano ay hindi pa nila alam.

“P’wede naman akong mag-designate ng OIC o kaya magbigay ng special power sa isang trusted member ng BOD.” Sinasabi lang niya ito sa asawa upang payapain ang loob nito, pero siya mismo ay duda kung mayroon ngang katiwa-tiwala sa board of directors niya.

Dugo at pawis ang ipinuhunan niya sa *YL Shipping Ltd.* at halos buong buhay niya ang ginugol mapanatili lamang sa kinalalagyang pedestal ang kompanya. Hindi niya ito basta na lamang maipagkakatiwala sa kung sino lang. Ang kailangan niya ngayon ay isang taong mapagkakatiwalaan at kung hindi siya makakahanap nito ay pansamantala muna niyang isasantabi ang sariling kalusugan.

“The problem is, sino sa kanila ang trustworthy? How I wish Tyron was born ten years earlier. Surely, he could have been the vice president of *YL* by now.”

Naisip ni Luisito na tama si Bettina. Kung hindi lang sana nagkasakit si Katherine, he might have a son of legal age by now.

“Wala naman tayong aasahan kay Louisa,” anang babae. “Isang boutique lang hindi pa makayang i-manage. How much more kung ang buong kompanya pa.” Somehow, she had managed to love her stepdaughter, inisip na lang nito na ang dalaga ang tunay na anak ng pinsang si Katherine. Kaya lamang ay hindi nito maiwasang manibugho kay Louisa kung minsan.

“Bettina!” may pagbabanta sa tinig na sabi ni Luisito. “Anong kinalaman ni Louisa sa problema ng kompanya?”

“Malaki. Dahil siya dapat ang makakatulong mo ngayon. Pero hindi, lumaki siyang unreliable. You and Mama pampered her at kinukunsinti pa ang lahat ng kanyang whims and tantrums. Mabuti naman sana kung siya ang tunay na—”

“Enough! Kung hindi mo kayang tanggapin si Louisa, at least, respect the memory of Mama and Katherine in her,” maawtoridad na utos niya sa asawa.

Dinalaw ni Fernando ang matalik na kaibigan na naka-confine pa rin sa ospital.

“Nag-aalala akong iwan sa pamamalakad ng pinsan ko ang YL, Fernando. Wala akong tiwala sa kanya.”

“Worry no more, *mi amigo*. Sa lahat ng problema ay may solusyon.” Nakangiting tinapik niya sa balikat si Luisito. Maganda ang samahan nilang magkaibigan. Hindi nila nakakalimutang isangguni ang isa’t isa sa major business decisions.

“Excited na akong malaman kung anong kalokohan na naman ang naglalaro sa kukote mo, Kumpadre.”

“Luisito, ang totoo, ang solusyon sa problema

mo ay solusyon din sa problema ko.”

Nagtatakang tiningnan nito ang kausap. “Wala namang problema ang *AB*. It’s doing fine in the market.”

“It is not about *AB*. It’s about my inner conflict, alam mo na ’yon...” Ang tinutukoy nito ay ang obsession na mapalitan sa puwesto si Lucio Montenegro bilang Chairman of the Board ng *Heritage Bank Ltd*.

Simula pa lamang ay magkaribal na sa maraming bagay sina Fernando at Lucio. Isa sa mga precious possessions ni Fernando na inagaw ng huli ay ang asawa niyang si Stella. Decades ago, his young wife, who was already a mother of three siblings, eloped with a richer businessman. Si Lucio nga iyon. Kung paanong hindi niya mapatawad ang asawa ay gayundin niya hindi mapatawad ang lalaking sinamahan nito. Nagpakayaman siya nang husto hindi lang para sa kinabukasan ng mga anak kundi kasama na rin ang paghigantihan ang dalawang tao na yumurak sa kanyang pagkalalaki.

“Makuha ko lang ang chairmanship ng *Heritage*, it will be easier for me to crush that devil. Iyon na lang ang hindi natutupad sa mga goals ko. And that, I can do with your help.”

“Nagbibiro ka ba, Fernando? Sarili kong negosyo hindi ko maisalba, paano pa kaya kita matutulungan?”

“Kagaya ng sabi ko, iisa ang solusyon sa mga problema natin. Let’s give and take. Trust me, Luisito.” Now he sounded like a professional diplomat.

“Okay, let me hear your wise idea.”

“Ang maitutulong mo sa akin ay mai-consolidate ang shares natin sa *Heritage Bank*. Hindi ko p’wedeng bilhin iyon, kaya pagsamahin na lang natin para maging twenty percent. That would be possible kung isasalin mo sa anak mo ang share of stock ng mga Yu.”

“At pakakasalan mo ang anak ko? No way, Fernando! Isa pa, Stephanie had just turned seventeen.” Kahit materialistic na tao si Luisito ay hindi nito maaatim na isakripisyo ang kinabukasan ng menor de edad na anak. Karaniwan na sa business society ang marriage for convenience pero not to his own daughter.

“Why me? Dalawang lalaki ang anak ko. And your other daughter, Louisa, would be fine.”

Naisip nito, *bakit hindi?* “Pero, alam mong si Louisa ay...”

“How can I forget that?” sansala niya sa rason nito. “Walang nakakaalam sa BOD na patay na ang tunay na Louisa. Besides, she resembles your family’s features maliban sa Chinese eyes. In return, I will give you a son-in-law na magiging kahalili mo sa YL for a while. ”

Ang pananahimik ni Luisito ay tanda na pinagaaralan na nito ang solusyong inilahad ng kaibigan. Sinamantala ni Fernando ang pagkakataon na gatungan pa ito.

“Both my sons have the capability of managing a huge business, lalo na si Edward. Tingnan mo kung paano niya napalago ang sariling negosyo nang hindi humihingi sa akin ng tulong.” Ipinaliwanag din niya ang advantage ng pagsasalin ng power sa isang kin by affinity of marriage kumpara sa isang relative by blood. Ayon sa kanya ay maaaring bumalangkas ng pre-nuptial agreement na mas papabor sa interes ng YL.

Sa wakas ay nagsalita si Luisito at tila kumbinsido na ito. “Malinis ang plano mo. Pero paano natin mapapapayag ang mga bata sa gusto nating mangyari?”

Ang pagtatanong naiyon ay hindi nangangahulugan na willing itong isakripisyo ang panganay na anak.

It's just that there was a possibility of hitting two birds with one stone. Una, ang pagbangon ng *YL Shipping Ltd.* at pangalawa, maaari rin namang maging maayos ang marital life ni Louisa with one of Arguson bachelors.

“Assignment mo si Louisa. But I think hindi ka mahihirapang kumbinsihin siya. She might be a spoiled brat but not the type of adamant person. She would make a good wife to my son, Edward. And for my own assignment, a reverse psychology and a trick would be needed. Ayaw ng mga anak kong namamanduhan sila.”

Muling tinipon ni Fernando ang tatlong anak dahil sa isang mahalagang anunsyo.

“My body is growing older but my heart is still young,” pasakalye nito na animo teenager na ngayon lang nakakaranas ng infatuation. Nakatayo ito sa tabi ng mesa nito sa loob ng study ng mansyon. May hawak itong portfolio sa kaliwang kamay.

Nahulaan kaagad ng tatlo na balak na namang mag-asawa ng kanilang ama.

“Oh no, not again!” tanggi Sofia na hindi napigil tumaas ang kilay at itirik ang mga mata.

“You are getting married for the fourth time,” pawalang-bahalang pahayag ni James. “Sinong widow or divorcee na naman ’yan?”

“Good guess, James. Pero hindi siya biyuda. I am going to marry a beautiful young lady named Stephanie Yu.” Gustong mapahalakhak ni Fernando sa nakitang facial reaction ng mga anak. Sinupil nito ang pagngiti. *As I had predicted, this will be a shocking news to this brood of brats!*

Walang sinuman ang nakapagsalita kaagad kina Edward, James at Sofia. Ang bunso ang unang nakabawi sa pagkabisigla.

“What? Dad, tell me this is just a joke. Steph is much, much younger than me!”

“I am not joking, Sofia.”

Napaiyak ang unica hija dahil sa magkakahalang emosyon— dismay, anger, shock.

“No! I’m twenty-three, at hindi ko matatanggap na magkaroon ng seventeen-year-old stepmother. Dad, kahit kailan hindi ako tumutol sa pag-aasawa mo, pero this time I can’t accept it.” Mabilis nitong nilisan ang study at pabagsak na isinara ang pinto. Hindi nito pinansin ang pagtawag ng mga naiwan doon.

“You, two...” baling ni Fernando sa dalawang anak na lalaki. “Hindi ako humihingi sa inyo ng permiso na makapag-asawa muli. I am just informing you dahil karapatan ninyo ito.”

Halata sa mukha ng magkapatid ang disgust sa pasya ng ama.

“Dad, hindi ba p’wedeng ibang babae na lang? Let’s say, ’yung hindi naman menor de edad. Or the older daughter, Louisa, kung talagang...”

“James, hayaan mo na si Daddy sa gusto niyang mangyari.” Hindi maintindihan ni Edward ang sarili kung bakit nakaramdam siya ng pagtutol sa suhestyon ng kapatid na si Louisa ang masangkot sa napipintong kasalan.

“Kasasabi ko lang, I am not asking for your permissions nor your suggestions. Kung wala na kayong sasabihin, you may go.” Naghahanda na rin si Fernando sa pag-alis, isinara lang nito ang briefcase. “Next week, I am going to Rome at pagbalik ko ay magaganap na ang kasal. You may come if you want to,” pahabol pa nito bago tuluyang makalabas ng silid.

Masyadong abala si Edward sa negosyo, pero

napilitan siyang i-cancel ang mga prior appointments niya dahil kailangan niyang kausapin ang ama. Paalis na ito bukas para sa business trip sa Rome, kaya sinadya niya ito sa opisina nito sa Ortigas.

Kung hindi lang napilitan siyang mangako kay Sofia na walang kasalang magaganap, wala na siyang balak pang pigilan ang ama sa gusto nitong pagpapakasal. His sister had a weak heart and had a habit of making herself ill. Gayunpaman, hindi niya papayagang mapahamak ang kapatid kung may magagawa rin lamang siya.

“Dad, I have a very important matter to discuss,” bungad niya sa ama pagkapasok pa lamang sa pribadong opisina nito.

“Pasensya ka na, hindi kita mahaharap nang maayos. Maraming papeles ang kailangang maihabol.” Tinawag nito ang sekretarya at pinaghanda ng refreshment para sa anak. “See these bunch of papers? Kailangan ko nang mapirmahan ang mga ito bago ako umalis bukas. I am running out of time.”

And so am I. “It won’t be long, Dad. Gusto ko lang malaman kung may ibang paraan pa para hindi matuloy ang kasal mo kay Stephanie. She’s old enough to be your granddaughter.”

“I like your being straightforward, Son,” natatawag pahayag nito. *My plan seems to be working. Kailangan ko lang magpahabol para mahulog sa bitag ang anak kong ito.* “About your question, tuloy na tuloy ang kasal.”

Napahawak ang binata sa kanyang batok. Paano na ang pangako niya kay Sofia? Tiyak na magkakaroon ng giyera kung hindi mapipigil ang kanilang ama sa gusto nitong mangyari.

“May sasabihin ka pa ba o gusto mo lang panoorin ang pagpirma ko sa mga papeles?” biro ng matanda, pagkuwan ay sumeryoso ito. “Hindi mo ba itatanong sa akin kung saan ko nakuha ang kapal ng mukha para magpakasal kay Stephanie?” Binitiwang nito ang hawak na sign pen at nag-project ng melodramatic look. “Manhid na ako sa kahihyan, Edward. Since your mother left us.”

Ang totoo nate-tempt na nga siyang itanong iyon sa ama, ngunit nawala ang inis niya rito dahil sa mga huling katagang sinabi nito. Nauunawaan niyang kaya naging gahaman ito sa pagkakamal ng yaman ay dahil sa sumama sa mas maperang businessman ang kanilang ina. At iyon din ang dahilan kung bakit naging obsession nito na mapatalsik sa puwesto sa bangko ang karibal.

Nagpatuloy si Fernando sa act nito. “Hindi ko na iisipin ang sasabihin ng mga tao. Ang mahalaga ngayon, I am moving closer to my final goal. Kung naranasan mo ang pait na pinagdaanan ko, Son, maiintindihan mo ako.”

“Ano naman ang nakain ni Tito Luisito para gawing sacrificial lamb ang anak niya?”

“Oh, that’s the good side of the story. Actually, it is Luisito’s idea,” pagsisinungaling nito. “Mas higit sa akin ang magiging kapakinabangan niya.”

“In what way?”

“Tutulungan ko siyang isalba ang kanyang negosyo. In return, ipapangalan niya sa mapapangasawa ko ang share ng mga Yu sa *Heritage Bank Ltd*. Right after matapos ang tenure ng chairmanship ko sa bangko, we will declare the marriage null and void at balik sa dati ang lahat. Nakatulong na ako, nakuha ko pa’ng gusto ko. Forgive me, but I have to do this.”

“Sorry for the prejudice, Dad,” sinserong pahayag ni Edward. “Now that I know the truth, may gusto lang sana akong hilingin.”

“Stop. Our decision is final. Wala nang makapipigil sa kasal,” his father said in a firm voice.

“All right. But let me be the groom instead. At least, hindi masyadong halatang arranged marriage lang ang magaganap.” He sounded like the most responsible son.

Napatda ang matanda. Hindi nito akalaing ganito ka-impulsive ang anak. Parang ibig nitong mapatalon sa tuwa. Pero kailangang pigilan ang damdamin, mahirap nang mabuko ito.

Kunwari ay umiling-iling pa ito. “No, no, no. This is my battle, Edward. Hindi mo kailangang magsakripisyo.”

“Laban ko rin ito, Dad. It’s time to kick Lucio out of his throne.” Edward himself wanted to punish the man for taking their mother away from them. “Name me as the owner of your stock at ikaw ang magiging representative ng consolidated shares of stock,” mahinang pahayag niya at lihim na dumalangin na sana ay puwede siyang makapili ng bride.

Clever! That’s exactly my plan. Lihim na nagdiwang ang tusong negosyante. Hindi na ito nag-aksaya pa ng panahon at idinetalye na sa anak ang buong plano.

Pansamantalang pamamahalaan ni Edward ang *YL Shipping Ltd.* until Luisito was well enough to assume his duty. Lahat ng privileges bilang isang *YL*

chairman ay maaari niyang matamasa at isa na rito ang zero shipment fee ng kanyang mga imported vehicles. Nangako naman ng tulong, in any kind, si Fernando sa anak dahil batid nitong kailangan din ng *Wagon de Luxe* o *WDL* ng close supervision ni Edward.

Pinag-usapan din nila ang tungkol sa ilang technicalities sa magaganap na kasunduan. Ang mga legal related matters na tungkol naman sa pagpapakasal ay natalakay rin nila. Pagdating sa magiging personal na buhay ng soon-to-be husband and wife ay ipinaubaya na ni Fernando sa binata.

“Paano kung nagkaanak kami ng wife-to-be ko?” tanong niya sa kausap.

“Bonus. You’re gonna have your first heir,” nakangiting sagot nito.

“Hindi ’yon ang point ko. Hindi ho ba magpinsan sina Tita Bettina and Tita Katherine? ”

“Oo. Any problem?”

“Rumors said insanity is in their genes. What if Stephanie became insane during our marriage or worse, magmana sa kanila ang magiging anak ko?”

Hindi napaghandaan ni Fernando ang hypothetical question na ito. His son must be a real genius.

“So, are you backing out?”

Umiling siya. “Of course not. Can I marry Louisa instead?”

“Okay, the choice is yours.” *This rational young man made an excellent choice.* Lalo pang nagdiwang ang kalooban ng matanda.

Kaagad itong pumayag. Lihim pa nitong ipinagpasalamat dahil hindi na ito mag-iisip ng anumang alibi kung bakit si Louisa ang dapat maging bride at hindi na si Stephanie.

Ang realisasyon ng secret fear ni Louisa ay dumating na. Kailangan niya itong harapin, no matter what—ang matali sa matrimonya nang walang pag-ibig. Sinalo niya ang suwerte ng tunay na Louisa, puwes, saluhin din niya ang sana ay obligasyon nito.

Matiyagang naipaliwanag ni Luisito sa anak ang magaganap na kasunduan.

“Pag-isipan mong mabuti, Anak. Pero hindi kita pipiliting magpakasal kay Edward kung ayaw mo.”

“I will gladly do it, Dad. Iyon lang ang tanging paraan para makatulong ako. Pero paano si Edward? I’m afraid na baka maulit ang broken engagement na

nangyari sa akin years ago.” She could still remember how painful it was.

“I’ll take care of him. Salamat sa pang-unawa, Anak.” Buong pagmamahal na niyakap siya nito.

Matagal ding nawala sa sirkulasyon si Edward. Nasa college ang dalaga nang huli niyang makita ito. Ayon kay Sofia, nangibang-bansa ito at nagtayo ng sariling negosyo. During their childhood days, hindi sila naging close ni Edward dahil sadyang suplado ito, hindi kagaya nina James and Sofia na very friendly. Kaya nga siguro short-lived lang ang pagkakaroon niya rito ng infatuation.